**OCPA, Maghahatid ng Mga Opsyon sa Renewable na Enerhiya sa Mga Komunidad sa Orange County Nang Libre o Mas Mura**

**FACT: Ang pagpili ng enerhiya ay kapaki-pakinabang sa mga lokal na komunidad at susunod na henerasyon.**

Noong wala pa ang OCPA, hindi nakakapili ang mga negosyo at residensyal na customer ng provider ng enerhiya sa komunidad. Ang OCPA ay nagbibigay sa mga lokal na komunidad ng kapangyarihang pumili ng renewable na enerhiya, para makagawa ng mas sustainable na kinabukasan para sa ating mga anak at apo.

**FACT: Awtomatikong ine-enroll ang mga customer sa Orange County Power Authority sa ilalim ng Batas ng Estado (AB 117).**

Noon pa man, ang mga utility nang pag-aari ng investor gaya ng Southern California Edison at San Diego Gas & Electric ang default na provider ng serbisyo sa kuryente sa mga customer sa kani-kanilang hurisdiksyon. Gayunpaman, noong 2002, nang isabatas ng mga tagagawa ng batas ng estado ang batas sa Community Choice Aggregation (CCA) ng California (AB 117), inilipat ang default na status na ito sa lokal na ahensya ng community choice energy mula sa utility na pag-aari ng investor. Sa modelo ng CCA, magagawa ng mga komunidad na bumili ng sarili nilang kuryente at gamitin ang sobrang kita para sa pag-invest sa lokal na komunidad. Iniatas ng orihinal na batas ng CCA, matapos makita ang pinagsama-samang aksyon ng komunidad, na awtomatikong i-enroll ang mga customer na nakatira sa pinagseserbisyuhang lugar, maliban na lang kung pipiliin nilang hindi lumahok sa pamamagitan ng pag-opt out. Makakapili na ngayon ang mga customer sa serbisyo ng utility na pag-aari ng investor o serbisyo ng Orange County Power Authority.

**FACT: Puwede mong piliin ang Basic Choice plan ng OCPA at ZERO ang itataas ng bill ng iyong kuryente.**

Sa plan ng OCPA na may 3 opsyon, mga customer ang magpapasya. Puwedeng pumili ang mga customer sa Basic Choice ng OCPA, na kapresyo ng SCE, Smart Choice, na nagbibigay ng 69% renewable na enerhiya, o 100% renewable energy. Nag-aalok ang Basic Choice sa mga consumer ng hindi bababa sa 38% renewable na enerhiya sa presyong pareho sa kanilang kasalukuyang SCE plan.

**FACT: Puwedeng mag-opt out ang mga customer sa OCPA anumang oras.**

**FACT: Puwede kang magpalipat-lipat sa Basic Choice, Smart Choice, at 100% Renewable Choice anumang oras.**

Oo—puwede kang “magpalipat-lipat” sa Basic Choice, Smart Choice, at 100% Renewable Choice anumang oras. At kung gusto mong lumipat ulit, tumawag lang at sabihan kami o bisitahin ang aming website at gawin doon ang pagbabago.

Kung ikaw ay isang negosyo o residente sa Lungsod ng Buena Park, Huntington Beach, o Irvine, 100% Renewable Choice ang iyong plan sa pag-enroll. Kung ikaw ay isang

negosyo o residente sa Lungsod ng Fullerton, 69% Smart Choice ang iyong plan sa pag-enroll.

May opsyon kang lumipat sa Basic Choice o Smart Choice kung gusto mo, o puwede kang lumipat sa 100% Renewable Choice plan anumang oras.

**FACT: Hindi sinisingil ng OCPA ang mga customer na gustong mag-opt out at bumalik sa SCE.**

**FACT: Ang OCPA ay isang lokal na pinapatakbong not-for-profit na pampublikong ahensya, at ang SCE ay pag-aari ng investor.**

Bilang lokal na pinapatakbong not-for-profit na pampublikong ahensya, layunin ng OCPA na maghatid ng mas malilinis na opsyon sa renewable na enerhiya sa mga competitive na rate, at mag-invest sa mga makabagong programa na mapapakinabangan ng mga residente, negosyo, kapaligiran, at ekonomiya sa ating mga komunidad. Kapag nag-enroll sa OCPA ang mga customer, makakatulong sila sa lokal na pagkontrol sa mga pasya sa pag-procure ng kuryente, bawasan ang carbon footprint na nauugnay sa kanilang serbisyo sa kuryente, at suportahan ang paglago ng mga lokal na renewable na proyekto.

**FACT: Hindi maaapektuhan ng serbisyo ng OCPA ang pagiging maaasahan ng grid.**

Walang magbabago sa pagiging maaasahan ng grid, at mangyayari ang pag-disperse ng enerhiya anuman ang pinagmumulan ng enerhiya. Ganap na imementina ng California Independent System Operator (CAISO) ang dami ng enerhiya na nilalabas ng grid. Kung makakaranas ka ng outage ng serbisyo, sa SCE ka pa rin mag-uulat.